# PANTULONG NA TEKNOLOHIYA

*Ang pantulong na teknolohiya (assistive technology) ay isang pangkalahatang termino (umbrella term) para sa mga kagamitan na tumutulong na palakihin, panatilihin, o pahusayin ang katalusan (cognition) ng isang tao, komunikasyon, pandinig, pangangalaga sa sarili o paningin. Ang layunin ng pantulong na teknolohiya ay upang itaguyod ang kalusugan at kagalingan ng mga indibidwal, at isama o isulong ang kanilang pakikilahok sa pang-araw-araw na mga aktibidad.*

## Mga Uri ng Pantulong na Teknolohiya

Ang mga kagamitan **sa komunikasyon**, na kilala rin bilang Augmentative Alternative Communication (AAC) (Pandagdag na Alternatibong Komunikasyon), ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga indibidwal na ipahayag ang kanilang sarili nang hindi umaasa sa pasalitang pananalita. Ang mga sistemang pantulong (aided system), tulad ng mga larawan sa pisara (picture board), aparatong bumubuo ng pagsasalita (speech-generating device), at app sa telepono (smartphone application), ay napakahalagang kagamitan para sa pagpapaunlad ng komunikasyon.

Ang teknolohiya ng **mobilidad** ay tumutulong sa mga taong may limitadong pisikal na paggana, at maaaring kabilang ang mga walker, wheelchair, tungkod, at ortotikong kagamitan. Maaari rin itong may kasamang espesyal na mouse o keyboard para sa isang taong may limitadong paggalaw ng kamay.

Ang pantulong na teknolohiya sa **pandinig** ay maaaring makabuluhang mapabuti ang buhay ng taong may mga hamon sa pandinig. Ang pantulong na teknolohiya ay nag-iiba depende sa pangangailangan ng tao, at maaaring magsama ng mga caption phone o app, pantulong sa pandinig (hearing aid), pang-alertong aparato (alerting device) na nakakonekta sa doorbell, atbp.

Ang pantulong na teknolohiya sa **paningin** ay tumutulong sa mga indibidwal na may pagkawala ng paningin o mga kapansanan. Maaaring kabilang sa ilang halimbawa ng mga pantulong na ito ang isang screen reader (pangbasa ng screen), screen magnifier (pampalaki ng screen), braille na relo, at printer na braille.

Tinutulungan **ng mga pantulong sa kognitibo** ang mga indibidwal na kumpletuhin ang mga aktibidad ng paggana sa natural na kapaligiran. Kasama sa ilang halimbawa ang mga voice recorder (pang-rekord ng boses), mga de-koryenteng pantulong na aparato para sa memory cue (pang-hudyat ng memorya), audio note-takers (tagasulat ng mga notang naririnig), at marami pang ibang kagamitan.

**Ang pangangalaga sa sarili** ay ang kakayahan ng isang indibidwal na kumpletuhin ang pang-araw-araw na pamumuhay o mga personal na gawain. Kasama sa mga pantulong na teknolohiya sa pangangalaga sa sarili ang paliligo, pag-aayos, at mga upuan sa palikuran at mga kagamitan sa pagpapakain.

## Pangunahing Katunayan

- Ang mga indibidwal na may iba't ibang kapansanan at ang tumatanda nang populasyon ay maaaring makinabang mula sa pantulong na teknolohiya.
- Maraming mga indibidwal na gumagamit ng pantulong na teknolohiya ay maaaring mangailangan ng higit sa isang uri ng tulong.
- Maraming mga indibidwal na nangangailangan ng pantulong na teknolohiya ay walang access dito.
- Nag-iiba-iba ang mga pinagmumulan ng pagpopondo depende sa mga pangangailangan ng kapansanan ng isang indibidwal at pantulong na teknolohiya.

DDS Department of Developmental Services